IJMERI

Volume 04 Issue 01 | February 2026 Article 20

E- ISSN: 2980-4760
P- ISSN: 2980-4752

ORIGINAL ARTICLE

# Komunikatibong Kakayahan sa Filipino ng mga Non- board na Kurso: Isang Mixed- methods na Pag-aaral

# Communicative Competence in Filipino for Non-board Courses: A Mixed- methods Study

**Iea Lawrence Arabia**[1]

[1]*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*

Corresponding Author's Email: iealawrencearabia2@gmail.com




## ABSTRAK

Gumamit ang pag-aaral ng convergent parallel mixed-method upang suriin ang antas ng komunikatibong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral sa non-board na kurso. Sa kwantitatibong bahagi, mayroong dalawang daan at limampu't walo (258) na mga non-board na mag-aaral ang tumugon sa pag-aaral at labing-apat (14) naman ang kwalitatibong bahagi. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsiwalat na ang antas ng paggamit ng wikang Filipino ay katamtaman lamang kasabay ang pag-usbong ng anim na natuklasang pangunahing tema; hamong kinakaharap ng mga estudyante sa paggamit ng Filipino sa pagpapahayag, paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya para sa malinaw na pagpapahayag, kahalagahan ng kasanayan at pagkakaroon ng tiwala sa sarili bilang susi sa epektibong komunikasyon, kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pakikipag-ugnayan, ang kahalagahan ng wikang Filipino sa Edukasyon at Komunikasyon at ang papel ng pagbabasa at pagsasanay bilang sangkap sa pagkatuto ng wika. Ang integrasyon ng data sa parehong kwantitatibo at kwalitatibo na mga resulta ng data ay nagpahiwatig na mayroong convergent ng mga natuklasan mula sa parehong uri ng data.

***Mga Susing Salita:*** *kakayahang gramatikal, kakayahang diskorsal, kakayahang sosyolinggwistiko, kakayahang istratedyik*

## ABSTRACT

The study used a convergent parallel mixed-method design to examine the level of communicative competence in Filipino of students in non-board courses. In the quantitative part, there were two hundred and fifty-eight (258) non-board students who responded to the study and fourteen (14) in the qualitative part. The results of the study revealed that the level of use of the Filipino language was only moderate with the



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

emergence of six main themes; challenges faced by students in using Filipino to express themselves, use of methods and strategies for clear expression, the importance of practice and self-confidence as keys to effective communication, the importance of using the Filipino language as a medium of communication, the importance of the Filipino language in Education and Communication and the role of reading and practice as components in language learning. Data integration across both quantitative and qualitative data results indicated that there was convergence of findings from both types of data.

***Keywords:*** *grammar competence, discourse competence, sociolinguistic competence, strategic competence*

**Recommended Citation**

Arabia, I. L. (2026). Komunikatibong Kakayahan sa Filipino ng mga non-board na Kurso: Isang Mixed-Methods na Pag-aaral. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 4*(1), 364-377.

## INTRODUKSYON

Ang komunikatibong kakayahan ay ang abilidad na epektibong magamit ang wika ayon sa konteksto o sitwasyon, upang maiparating nang maayos ang layunin ng pakikipag-usap. Binubuo ito ng apat na pangunahing sangkap: gramatikal, sosyolinggwistiko, diskorsal, at istratedyik na kakayahan. Sa kasalukuyang panahon, ang kahusayan sa komunikasyon gamit ang wikang Filipino ay nananatiling isang mahalagang kasanayan para sa mga mag-aaral, hindi lamang sa mga kursong nangangailangan ng lisensiyadong pagsusulit (board courses), kundi maging sa mga non-board programs. Gayunman, sa ilalim ng umiiral na edukasyonal na sistema, mas nabibigyang-pansin ang teknikal at espesyalisadong kasanayan ng mga estudyante na kabilang sa mga non-board programs habang naisantabi naman ang pagpapalalim sa kanilang kasanayan sa komunikasyong gamit ang wikang Filipino. Ang kakulangan sa sapat na kakayahang makipagtalastasan gamit ang sariling wika ay maaaring magdulot ng mga hamon sa kanilang ugnayan sa kapwa, sa lipunan, at maging sa trabaho (Dragon, 2023).

Sa pandaigdigang konteksto partikular na sa New Zealand, matagal nang kinikilala ang isyu ng language shift at language attrition, kung saan maraming kabataan sa iba't ibang panig ng mundo ang humihina ang kasanayan sa kanilang mga katutubong wika bunga ng dominasyon ng globalisadong wika, partikular na ang Ingles. Ang ganitong sitwasyon ay may implikasyon hindi lamang sa pagkawala ng mga wika kundi pati na rin sa pagkatanggal ng mga kolektibong identidad at kultural na kaalaman ng isang bansa. Ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang kasangkapan sa paghubog ng pagkatao at kolektibong kamalayan. Sa gayon, ang isyu ng komunikatibong kakayahan sa Filipino sa antas ng mas mataas na edukasyon ay dapat ituring na bahagi ng mas malawak na global na problema ng pagkawala ng linguistic competence sa mother tongue, lalo na sa mga larangang hindi direktang sumasailalim sa wika, tulad ng mga non-board na kurso (Fillerman, 2021; UNESCO, 2020).

Sa Pilipinas, patuloy na nararanasan ang hamon ng pagbagsak sa kalidad ng edukasyon sa wika. Isa sa mga isyung kaakibat nito ay ang pagliit ng espasyo ng wikang Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad. Matatandaang noong 2019, ibinasura ng Korte Suprema ang petisyong labanan ang CHED Memorandum Order No. 20, series of 2013, na nagtanggal sa Filipino bilang core subject sa kolehiyo. Bunsod nito, maraming kolehiyo at unibersidad ang tuluyang nagtanggal ng Filipino sa kanilang kurikulum, lalo na sa mga non-board programs. Kasabay ng pagbabagong ito ang paglala ng kahinaan

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ng mga estudyante sa pagsasalita, pagsusulat, at pagbasa ng Filipino sa akademikong konteksto. Maraming mag-aaral ang nahihirapang gamitin ang Filipino sa mga pormal na usapan at dokumentasyon. Ito ay indikasyon ng lumalalim na disconnect sa pagitan ng wikang ginagamit sa tahanan at komunidad, at ng wikang ginagamit sa akademikong larangan. Sa ganitong kalagayan, nagiging mas mahalaga ang pagsusuri kung paano nakaaapekto ang kasalukuyang edukasyonal na istruktura sa komunikatibong kakayahan ng mga estudyante, lalo na sa mga kursong non-board na madalas ay hindi nasasaklaw ng mga tradisyunal na pagsusuring pangwika (Tupas, 2019; Gonzales, 2021).

Sa kadahilanang ang usapin ng komunikatibong kakayahan sa wikang Filipino ay hindi lamang usapin ng akademya kundi usapin ng pagkabansa. Mayroong  agarang pangangailangan na isagawa ang pananaliksik na ito upang matukoy ang mga positibo at negatibong isyu kaugnay ng kurikulum na ito sa pagiging kompetente ng mga non-board na kurso sa paggamit ng wikang Filipino. Higit pa rito, ang panlipunang kabuluhan ng pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig ng mga pangangilangang pagbutihin upang mas makabuo ng balangkas nang matugunan ang komunikatibong kakayahan ng mag-aaral sa non-board programs. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang iba't ibang karanasan at datos na tatalakay sa antas ng komunikatibong kakayahan sa paggamit sa wikang Filipino. Gayundin, ito ay makatutulong sa institusyon upang patuloy na makapaglinang ng mga mag-aaral ang kahayahan lalo na sa wikang Filipino upang sila ay laging nakahandang yakapin ang mga kasalukuyang pangangailangan ng panahon.

Bagama't may mga naunang pag-aaral hinggil sa kasanayan sa komunikasyon ng mga estudyante, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pagsasanay sa wikang Ingles o sa mga kursong board-related gaya ng edukasyon at komunikasyon. Halimbawa, sa pag-aaral nina Hoyohoy (2023) na pinamagatang "Komunikatibong Kakayahan at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral";  Ferrer (2019) na may pamagatan na "Kakayahan ng mga guro sa Filipino: Susi sa Pagpapayaman ng Kaalaman sa Gramatika ng mga Mag-aaral; Moncillo (2022) na may pamagatan na "Pagtataya sa Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Guro sa Filipino" tinukoy nila ang kahalagahan ng komunikatibong kompetens sa akademikong tagumpay ng mga guro at estudyante sa larangan ng edukasyon subalit kapansin-pansin ang kakulangan ng datos o pananaliksik hinggil sa mga non-board programs, kung kaya't ang pag-aaral na ito ay naglalayong punan ang nasabing agwat sa literatura, upang makabuo ng mas inklusibong larawan ng komunikatibong kalagayan ng mga estudyante sa iba't ibang disiplina.

Upang mas mapapakinabangan, ang resulta ng pag-aaral na ito ay nakatakda na mailimbag sa internet, aklatan at journal. Pagpipresenta rin ng pananaliksik na ito sa mga pagpupulong sa pananaliksik balang araw. Ang pananaliksik ding ito ay magiging libre sa mga mag-aaral na gustong bumasa at mangalap ng mga impormasyon patungkol sa komunikatibong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang silid-aklatan at ang opisina ng pananaliksik at pag-unlad ng institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology ay bibigyan ng kopya nang sag anon ay makasisigurong mapakinabangan ang pag-aaral na ito ng mga mag-aaral at guro ng institusyon.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng convergent parallel mixed approach sa pag-aaral na ito. Ito ay isang non-experimental design na pinagsama-samang elemento ng kwantitatibo at kwalitatibong dulog. Ito ay convergent parallel dahil parehong ginamit ng mananaliksik ang kwantitabo at kwalitatibong dulog sa pag-aaral at ang kanilang mga pamamaraan ng pangangalap at pagsusuri ng datos ay sabay na naganap. Pagkatapos, ang resulta mula sa dalawang pamamaraan ay ikinumpara upang mas maunawaan ang paksa ng pananaliksik na ito.

Sa kabilang dako, ang mananaliksik ay gumamit ng isang penomenolohikal na pananaliksik sa buong yugto ng husay ng pag-aaral na naniniwala na ang bisa ng katotohanan ay maaaring maramihan at subhetibo. Ang mga focus group discussion at malalim na one-on-one na panayam ay epektibong koleksyon ng kwalitatibong data na pamamaraan para sa pagtulong sa mananaliksik sa pag-aaral ng mga social norms ng isang komunidad, ang datos na nakolekta galing sa malalim na mga panayam at lumikha ng tema batay sa datos na nakolekta ng mananaliksik (Tripoli, 2014).

### Respondente sa Pananaliksik

Sa lahat ng mga kurso sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology, ang mga mag-aaral mula sa non-board na kurso ang napiling mga respondente para sa pananaliksik na ito. Ito ay dahil ang pag-aaral ay nakatuon sa komunikatibong kakayahan sa Filipino, na lubos na nauugnay sa mga mag-aaral mula sa non-board na kurso. Bilang mga estudyante sa ilalim ng programa, mahalaga para sa kanila ang malaman at masukat ang kanilang komunikatibong kakayahan gamit ang wikang Filipino. Angkop at wasto ang isinagawang pag-aaral dahil layunin nitong masuri ang antas ng kakayahan nila sa pagpapahayag gamit ang sariling wika. Para sa bahaging kwantitatibo, dalawang daan at limampu't walo (258) na mag-aaral ang lumahok bilang mga respondente.

Upang matukoy ang tamang bilang ng mga respondente, gagamitin ng pag-aaral ang formula ni Slovin. Tinitiyak nito na ang sukat ng sample ay tumpak na kumakatawan sa kabuoang populasyon. Ang pamamaraang ito ay magpapahintulot sa pananaliksik na mangalap ng makabuluhang datos habang pinapanatili ang statistical reliability at validity (Tejada & Punzalan, 2012).

Ipapakita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente, na nagpapakita ng kabuoang populasyon na 4,689 na estudyante na mula sa non-board na kurso, isang kinakalkulang sukat ng sample na 258, at isang porsyento na 3.63%. Ang pagkalkula ng sukat ng sample ay isasagawa ng isang statistician, na tinitiyak ang katumpakan sa proseso ng pagpili. Ang representatibong sample na ito ay magbibigay ng isang matibay na batayan para sa pagsusuri sa komunikatibong kakayahan sa Filipino ng mga non-board na kurso na nag-aalok ng mga pananaw na maaaring mailapat sa mas malawak na grupo ng mga estudyante ng paaralan.

**Talahanayan 1.** Distribusyon ng mga Respondente

| PROGRAM | Populasyon | Sample | Percentage |
|---|---|---|---|
| **Bachelor of Public Administration** | 1,142 | 41 | 0.58% |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Bachelor of Business Administration (Financial Management)** | 982 | 86 | 1.21% |
| **Bachelor of Business Administration (Marketing Management)** | 1,155 | 80 | 1.12% |
| **Bachelor of Business Administration (Human Resource Management)** | 285 | 10 | 0.15% |
| **Bachelor of Science in Office Administration** | 1,125 | 41 | 0.57% |

### Instrumento sa Pananaliksik

Ang instrumento sa pananaliksik ay naglalarawan sa mga kagamitan na ginamit upang mangalap ng data, kabilang ang mga sarbey, pagtatasa, organisadong panayam, at checklist. Ang sarbey na talatanungan at ang pakikipanayam ay ang dalawang kasangkapan sa pananaliksik na gagamitin sa convergent parallel mixed-method na pag-aaral upang makuha ang kinakailangang datos ng kalahok (Seaman, 1991).

Ang pangongolekta ng datos para sa kwantitatibong bahagi ng pag-aaral ay magsisimula sa pagbuo ng mga talatanungan. Maingat na bubuo ang mananaliksik ng 20-aytem na talatanungan sa komunikatibong kakayahan sa Filipino, na tinitiyak na ang bawat tanong ay nakahanay sa mga layunin ng pananaliksik at idinisenyo upang makuha ang may kaugnayang datos. Ang tanong ay magiging malinaw, prangka at iniangkop sa target na populasyon ng mga estudyante sa KCAST. Ang sarbey ay gagamit ng 5-point Likert scale upang payagan ang kwantitatibo na pagsusuri ng komunikatibong kakayahan sa Filipino ng mga non-board na kurso.

Ang pamamahagi at pangongolekta ng mga talatanungan ay gagawin sa pamamagitan ng face-to-face na mga pamamaraan, depende sa kakayahang ma-access at kagustuhan ng mga kalahok. Ipamahagi ng mananaliksik ang mga talatanungan sa sample na 258 na mag-aaral mula sa non-board na kurso gamit ang angkop na mga pinagmulan, na tinitiyak na bawat kalahok ay may pagkakataong makumpleto ang sarbey. Kapag naibalik na ang mga nakumpletong talatanungan, titiyakin ng mananaliksik na ang lahat ng datos ay ligtas na nakaimbak at pananatilihing kumpidensyal upang mapanatili ang integridad ng pag-aaral.

Para sa kwalitatibong parte, naghanda ang mananaliksik ng interview protocol at FGD guide na na-validate ng panel ng mga eksperto. Binubuo ito ng mga open-ended na katanungan tungkol sa buhay na karanasan ng mga estudyante patungkol sa kanilang kakayahan sa pagpapahayag sa Filipino.

## RESULTA AT DISKUSYON

Makikita sa bawat talahanayan ang resulta ng sarbey sa komunikatibong kakayahan sa Filipino ng mga non-board na mag-aaral sa KCAST. Ang antas ng komunikatibong kakayahan sa bawat talahanayan ay kumakatawan sa apat na indikeyor (4) ayon sa kakayahan sa gramatika, kakayahang diskurso,

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

kakayahang sosyolinggwistiko at kakayahang istratedyik na nakakuha ng kabuoang mean na 3.67 o mataas at madalas naipapamalas ng mga non-board na mag-aaral sa KCAST.

**Talahanayan 2.**

| Kakayahang Gramatikal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **1. Mayroon akong mahusay na pag-unawa sa mga tuntunin sa gramatika ng Filipino** | 3.33 | Katamtaman |
| **2. Pamilyar ako sa iba't ibang bahagi ng pananalita sa Filipino** | 3.39 | Katamtaman |
| **3. Gumagamit ako ng sapat na bokabularyo sa pagpapahayag ng mga ideya at damdamin** | 3.87 | Mataas |
| **4. Gumagamit ako ng malinaw na boses at tumpak na pagbigkas ng mga salita kapag nagpapahayag** | 3.75 | Mataas |
| **5. Tiwala ako sa aking kakayahang gumamit ng wastong gramatika ng wikang Filipino** | 3.36 | Katamtaman |
| **KABUOAN** | **3.37** | **Katamtaman** |

**Talahanayan 3.**

| Kakayahang Diskorsal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **1. Nagsasalita ako nang may kumpyansa sa harap ng isang maliit na grupo o kahit sa harap ng maraming tao** | 3.31 | Katamtaman |
| **2. Kusa akong nakikipag-ugnayan at may kumpyansa sa pormal o di-pormal na mga sitwasyong pangkomunikasyon** | 3.79 | Mataas |
| **3. Pinapahalagahan at iginagalang ko ang mga alituntunin ng pakikipag-ugnayan sa bibig, kilos, at wika ng katawan** | 3.35 | Katamtaman |
| **4. Pasalita ang aking gamit sa pagpapahayag at paglalahad ng kaalaman, katotohanan, at opinyon** | 3.98 | Mataas |
| **5. Nagsasalita ako nang maayos nang walang pag-aalinlangan na hindi nakakasagabal sa komunikasyon** | 3.29 | Katamtaman |
| **KABUOAN** | **3.30** | **Katamtaman** |

**Talahanayan 4.**

| Kakayahang Sosyolinggwistiko | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **1. Kaya kong makipag-usap at makipag-ugnayan nang maayos** | 4.03 | Mataas |
| **2. Gumagamit ako ng di-berbal na mga kilos upang makipag-usap at magbigay ng diin sa kanilang** | 4.09 | Mataas |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **mensahe** | | |
| **3.** | **Gumagamit ako ng iba't ibang ayos ng pangungusap upang mapukaw ang interes ng mga tagapakinig sa mga sitwasyon sa loob at labas ng paaralan** | 3.93 | Mataas |
| **4.** | **Umaangkop ako sa kasalukuyang sitwasyon ng komunikasyon nang naaayon** | 3.98 | Mataas |
| **5.** | **Gumagamit ako ng angkop na salita sa iba't ibang sitwasyon** | 3.95 | Mataas |
| | | | |
| | **KABUOAN** | **4.00** | **Mataas** |

**Talahanayan 5.**

| **Kakayahang Istratedyik** | | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **1.** | **Gumagamit ako ng iba't ibang paraan ng pagganyak upang maging kawili-wili at epektibo ang komunikasyon** | 3.69 | Mataas |
| **2.** | **Gumagamit ako ng di-berbal na mga kilos upang makipag-usap at magbigay ng diin sa kanilang mensahe** | 3.77 | Mataas |
| **3.** | **Gumagamit ako ng iba't ibang ayos ng pangungusap upang mapukaw ang interes ng mga tagapakinig** | 3.84 | Mataas |
| **4.** | **Umaangkop ako sa kasalukuyang sitwasyon ng komunikasyon nang naaayon** | 3.79 | Mataas |
| **5.** | **Gumagamit ako ng angkop sa salita sa iba't ibang sitwasyon** | 3.88 | Mataas |
| | | | |
| | **KABUOAN** | **3.79** | **Mataas** |

Ang mean ng bawat palatandaan at katumbas na deskripsyon ay kabilang sa mga datos na inilahad. Isinisiwalat batay sa resulta na mula sa apat na indekeytor na mga palatandaan, ang antas ng komunikatibong kakayahan sa Filipino ayon sa kakayahang diskurso ay nakakuha ng pinamataas na mean na 4.00 o mataas. Ibig sabihin nito na ang antas ng komunikatibong kakayahan ayon sa kakayahang sosyolinggwistiko ay madalas naipapamalas ng mga non-board na mag-aaral sa KCAST.

Sa pag-aaral nina Villafuerte at Alcala (2020) na Sociolinguistic Competence in the Filipino Context: A Study of Language Variation and Use. Philippine Sociolinguistics Review na ang kakayahang sosyolinggwistiko sa Filipino ay hindi lamang nakabatay sa gramatikal na kaalaman kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga sosyal na konstruksyon ng wika. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang mga Filipino ay may kakayahang pumili ng tamang wika o estilo ng pagsasalita depende sa kanilang kausap at samahan, na nagpapakita ng mataas na antas ng socio-pragmatic awareness. Ating napagmasdan na sa mga pormal na sitwasyon, tulad ng pakikipag-ugnayan sa mga guro o opisyal, umaangkop ang mga nagtataguyod ng mas pormal na estilo ng pananalita.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sumunod ay ang indikeytor na nakakuha ng pangalawang pinakamataas na pangkalahatang mean ay ang komunikatibong kakayahan sa Filipino ayon sa kakayahang istratedyik na may pangkalahatang mean na 3.79 na may katumbas na mataas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas naipapamalas na nga non-board na mag-aaral ang kanilang komunikatibong kakayahan ayon sa kakayahang istratedyik.

Sa pag-aaral ni Dela Cruz (2020) na Strategies for Effective Communication in Filipino Classrooms: A Study of Student Practices, tinalakay niya ang mga estratehiya na ginagamit ng mga estudyante sa mga sitwasyon ng pagpapahayag at pagtanggap ng impormasyon. Ipinakita na ang aktibong pakikinig, pag-uulit ng mga pangunahing ideya, at pagtatanong ay ilan sa mga pangunahing estratehiya na nakatulong sa kanila upang maunawaan ang mga kumplikadong ideya sa mga talakayan. Ang mga estratehiyang ito ay hindi lamang nakapagpapabuti sa kanilang interpretasyon kundi nakatutulong din sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan ng mas epektibo.

Kasunod naman ay ang antas ng komunikatibong kakayahan sa Filipino ayon sa kakayahan sa gramatika na may mean na 3.37 at ito ay may katamtaman na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, minsan lamang itong naipapamalas ng mga non-board na mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Bautista (2020) na The Filipino Language: Its Structure and Use. Manila: University of the Philippines Press, ang mga mag-aaral na lumahok sa mga non-board na kurso ay may iba't ibang antas ng kakayahan sa pakikipag-usap sa kanilang guro at kapwa estudyante, na kadalasang nakadepende sa kanilang exposure sa talakayan at aktibong pakikilahok. Ang pahayag niyang ito mula sa resulta ng kaniyang pag-aaral nagbibigay ng isang komprehensibong pagtingin sa Filipino, hindi lamang bilang isang wika ng komunikasyon kundi bilang isang simbolo ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino.

Dagdag pa rito, ang pang huling indikeytor na nakakuha ng pinakamababang mean ay ang kakayahang diskurso na may mean na 3.30 na may katumbas na katamtaman na paglalarawan. Katamtaman ang katumbas nito at ito ang pinakamababa at minsan lamang din itong naipapamalas ng mga non-board na mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Salazar (2020) na Challenges in Developing Communicative Competence Among Nonboard Course Students in Filipino na nagpapakita na ang kakulangan sa praktikal na aplikasyon ng wika sa tunay na mundo ay nagpapahina sa kanilang kakayahang diskurso. Ang kakulangan ng exposure at pagsasanay na nakatuon sa tunay na sitwasyon ng komunikasyon ay nagiging hadlang sa kanilang pag-unlad. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang kakayahang diskurso ay isang mahalagang bahagi ng komunikatibong kakayahan sa Filipino.

**Talahanayan 6.** Karanasan ng mga non-board na mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | *Code*/Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| **Karanasan ng mga *non-board* na mag-aaral sa paggamit ng wikang** | • Hirap sa pagbuo ng mga tamang salita sa Filipino lalo na sa mga sitwasyon tulad ng *oral* | | | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Filipino sa pagpapahayag** | *recitations*<br>• Kahirapan sa pagpapahayag ng mga ideya sa Filipino lalo na sa mga pagkakataong nagkakaroon ng presentasyon<br>• Kahirapan sa pagsasalita ng Filipino lalo na sa mga sitwasyon tulad ng *oral recitation* o *performace* | Kahirapan sa paggamit ng Filipino sa loob ng klase | Hamong kinakaharap ng mga estudyante sa paggamit ng Filipino sa pagpapahaya g | *Threshold Theory* ni Cummins (1976) |
| | • Hirap sa pagsasalita sa harap ng ibang tao dahil sa pakiramdam ng kahiyaan at takot na mahusgahan<br>• Hirap sa pagsasalita ng Filipino dahil sa pakiramdam na kakaiba o hindi natural pakinggan<br>• Nakaramdam ng takot na magkamali sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino | Kahirapan sa paggamit ng Filipino dulot ng takot at kaba | | |
| | • Pagiging komplikado ng pagpapahayag ng mga ideya kapag ginagamit ang wikang Filipino<br>• Pagiging mas komplikado sa pagsasalita ng Filipino | Pagiging komplikado ng pagpapahayag ng ideya | | |
| | • Hindi sanay sa paggamit ng Filipino dahil wala itong koneksyon sa | Kulang sa kasanayan sa | | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kinuhang kurso<br>• Kahirapan sa pagsasalita ng Filipino bilang isang estudyante sa *non-board* na kurso<br>• Hirap sa paggamit ng Filipino dahil hindi ito ang pangunahing wika at hindi rin sanay sa paggamit nito | paggamit ng wikang Filipino bilang isang estudyanteng *non-board* | | |
| | • Paggamit ng mga halimbawa upang mas malinaw na maipaliwanag ang mga ideya<br>• Kahalagahan ng pagbibigay ng mga halimbawa upang mas maayos at malinaw na maipaliwanag ang mga ideya<br>• Pagbibigay ng mga halimbawa bilang paraan upang mas maipaliwanag ang mga ideya, lalo na kung nahihirapan ang mga kaklase na maintindihan ang ginagamit na wikang Filipino<br>• Paggamit ng mga halimbawa bilang paraan upang mas malinaw na maipaliwanag ang mga ideya kapag may hindi nakakaintindi sa ipinapahayag sa Filipino | Paggamit ng mga halimbawa bilang kasangkapan sa pagpapahayag ng mga ideya | Paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya para sa malinaw na pagpapahayag | *Communication Accommoodation Theory* (CAT) ni Howard Giles 1973 |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | • Paghahanap ng tamang mga salita o pagpapalit ng mga salita upang mas madaling maintindihan ng iba ang ipinapahayag.<br>• Paghahanap ng ibang mga salita o termino na mas maiuugnay sa nais ipahayag o ipaliwanag. | Paghahanap ng ibang salita bilang kasangkapan sa pagkakaintindihan | |
| | • Paghahanap ng simpleng paraan ng pagpapahayag gamit ang Filipino upang agad maintindihan ng mga kaklase<br>• Paggamit ng simpleng mga salita sa Filipino bilang teknik upang makasagot ng maayos nang hindi nahihirapan.<br>• Paghahanap ng simpleng Filipino na salita upang parehong maintindihan ng nagsasalita at ng kausap<br>• Paggamit ng mga simpleng salita at maingat na pagpapahayag upang masiguro na madaling maintindihan ng kausap ang nais iparating. | Paggamit ng mga simpleng salita para sa epektibong pagpapahayag | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Kahalagahan ng pag-eensayo sa *public speaking,* upang hindi ma-*mental block* at hindi magkaproblema sa pagpapahayag sa harap ng ibang tao.<br>• Hinaharap ang kaba sa pamamagitan ng pag-eensayo<br>• Kahalagahan ng pag-eensayo sa daloy ng sasabihin upang maunawaan ang sinasabi gamit ang wikang Filipino<br>• Pagsulat at pasasaayos ng mga salita sa Filipino at pag-eensayo kung paano ito ipahayag | Kahalagahan ng pag-eensayo bilang daan sa maayos na pagkakaintindihan | Kahalagahan ng kasanayan at pagkakaroon ng tiwala sa sarili bilang susi sa epektibong komunikasyon | *Self-Determination Theory* (SDT) ni Edward Deci 1985 |
| | • Pagkakaroon ng kumpyansa at pagkontrol sa kaba sa mga sitwasyong kinakailangan magsalita ng wikang Filipino<br>• Hinaharap ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagpapakalma sa sarili upang makapag-isip sa sasabihin<br>• Pagiging kalmado para sa mabisang pagpapahayag | Pagkakaroon ng tiwala at kumpyansa sa sarili sa pagpapahayag | | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa komunikasyon sa mga propesyonal<br>• Ginagamit ang wikang Filipino kapag propesyonal ang kausap o sa mga taong taga-Manila | Paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa komunikasyon sa mga propesyonal | | |
| | • Nagagamit ang wikang Filipino bilang kasangkapan sa pakikipag-komunikasyon sa iba<br>• Paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa komunikasyon | Paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa pakikipag-komunikasyon sa iba | Kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pakikipag-ugnayan | Teoryang Sosyolingguwistika nina Basil Bernstein at Dell Hyme |
| | • Paggamit ng bisaya para sa pagkakaintindihan<br>• Pagsasalin tungo sa bisaya at ingles para sa pag-unawa | Paggamit ng wika bilang daan sa pagkaka-unawaan | | |

**Hamong kinakaharap ng mga estudyante sa paggamit ng Filipino sa pagpapahayag.** Batay sa naging resulta ng pananaliksik, marami silang hamong hinarap sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag. Nakasaad na hirap sila sa paggamit ng sariling wika sa loob ng klase, hirap silang gumamit ng wikang Filipino dulot ng takot at kaba na baka mahusgahan sila sa paraan ng kanilang paggamit at pagbigkas ng Filipino. Dagdag pa ang kakulangan nila ng kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa kadahilanang hindi nila ito madalas na ginagamit sa ilalim ng kanilang kinuhang kurso. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa Threshold Theory ni Cummins (1976), sa prosesong ito nakapaloob na pahirapan ang makatuntong sa ikalawang threshold lalo na kung ang unang wika ang palagiang ginagamit o isang wika lamang ang natututukan. Sa kontekstong ito, ang teoryang nabanggit ay maiuugnay sa pananaliksik na ito dahil dito sa Pilipinas, dalawang wika ang itinuturo, ang Ingles at ang Filipino. Nakasaad sa teoryang ito na mahirap magturo ng isa pang wika kung mas nakapokus sa naunang wika ang ang tagapagturo at ang tinuturuan. Tulad na lamang ng wikang Ingles na siyang ginagawang unang wika rito sa Pilipinas. Pagkatuto pa lamang ng isang bata na magsalita ay wikang Ingles agad ang itinuturo habang nababalewala na ang sariling wika na Filipino. Talagang mahihirapang ituro sa bata ang wikang pambansa dahil bata pa lamang hanggang sa paglaki nito ay wikang banyaga na ang gamit.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya para sa malinaw na pagpapahayag.** Ang resulta ng pananaliksik ay nakabatay sa kanilang karanasan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag. May mga sarili silang pamamaraan at estratehiyang ginagamit upang malinaw na maipahayag ang mga mensahe partikular na ang paggamit ng mga halimbawa at paggamit ng mga simpleng salita upang mas madali lang na maipahayag ang nais sabihin. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teorya ni Howard Giles na Communication Accommoodation Theory (CAT), ang teoryang ito ay nagpapaliwanag kung paano inaangkop ng mga tao ang kanilang estilo ng komunikasyon upang magkapareho o magkaiba sa kanilang kausap. Ito ay may dalawang pangunahing konsepto; ang convergence (pagpapalapit ng estilo ng komunikasyon) at divergence (pagpapakita ng pagkakaiba). Ang teoryang ito y nagpapakita ng kahalagahan ng adaptasyon sa komunikasyon upang mapabuti ang ugnayan at maiwasan ang hindi pagkakaintindihan. Konektado ito sa nasabing tema dahil ang tamang paggamit ng convergence at divergence ay makatutulong upang magkaintindihan ang mga tao at mapadali ang pagpapahayag ng kanilang mensahe. Sa ganitong paraan, ang komunikasyon ay nagiging mas malinaw at epektibo.

**Kahalagahan ng kasanayan at pagkakaroon ng tiwala sa sarili bilang susi sa epektibong komunikasyon.** Batay sa resulta, ang temang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang Self-Determination Theory (SDT), ang teoryang ito ay nagsasabing ang mga tao ay mas-motibado at mas masaya kapag may kalayaan silang magdesisyon, may kasanayan sila sa ginagawa nila at may magandang ugnayan sa iba. Kung ang tao ay may tiwala sa kanyang kakayahan, mas nagiging epektibo siya sa anumang gawain. Ito ay konektado sa nasabing tema dahil kung may tiwala tayo sa ating kakayahan at alam natin kung paano malipag-usap ng maayos, mas nagiging malinaw ang ating mensahe. Ang kasanayan at tiwala sa sarili sy nagpapataas ng kumpiyansa sa pakikipag-ugayan sa iba. Kaya ang teoryang SDT ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unlad ng ating kakayahan at relasyon para maging magaan at epektibo ang komunikasyon.

**Kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pakikipag-ugnayan.** Ang resulta ng pananaliksik ay nakabatay sa kanilang persepsyon sa paggamit ng wikang Filipino ayon sa kanilang karanasan na kung saan nakita nila ang kahalagahan ng pagiging maalam sa paggamit ng wikang Filipino bilang ito ay midyum na ginagamit sa pakikipag-ugnayan. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teorya nina Basil Bernstein at Dell Hymes na teoryang Sosyolingguwistika. Ang teoryang ito ay nagsasabing ang wika at ang paraan ng paggamit nito ay apektado ng mga sosyal na kalagayan. Ayon sa teoryang ito, iba-iba ang paraan ng pagsasalita ng mga tao depende sa kanilang katayuan sa lipunan at sa mga grupo kung saan sila kabilang. Konektado ito sa nasabing tema dahil ang wikang Filipino ay hindi lang paraan ng pagpapahayag, kundi isang bahagi ng ating identidad at kultura. Ang paggamit ng wikang Filipino ay nagpapakita ng pagkakailanlan natin bilang mga Pilipino at nakatutulong sa mas madaling pag-unawa sa isa't isa.

**Talahanayan 7.** Pananaw ng mga non-board na mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Code/Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| **Pananaw ng mga *non-board* na mag-aaral sa paggamit ng** | • Napagtanto ang pagbibigay ng kahalagahan | Pagbibigay | | |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **wikang Filipino sa pagpapahayag** | sa wikang Filipino sa pamamagitang ng paggamit at pagbahagi sa iba<br>• Napagtanato ang kahalagahan sa pagkatuto at paggamit ng wikang Filpino bilang bahagi ng identidad | halaga sa pagkatuto ng sariling wika | Ang kahalagahan ng wikang Filipino sa Edukasyon at Komunikasyon | *The Sociocultural Theory o Interaction Approach* ni Vygotsky (1934), |
| | • Kahalagahan na mapabilang ang wikang Filipino sa akademikong larangan upang hindi mahirapan sa paggamit nito<br>• Paghikayat ng paggamit ng wikang Filipino sa akademikong larangan<br>• Paggamit ng wikang Filipino sa akademikong larangan upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit nito | Kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa akademikong larangan | | |
| | • Pagbabasa upang mabigyan ng pansin ang pagpapaunlad sa paggamit ng wikang Filipino<br>• Pagbasa ng libro upang mapahusay ang sarili na makipag-ugnayan gamit ang wikang Filipino | Pagbabasa bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kaalaman | Ang papel ng pagbabasa at pagsasanay bilang sangkap sa pagkatuto ng wika | *Theory of Second Language Acquisition* ni Stephen Krashen |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagbabasa ng mga materyales na nakasulat sa wikang Filipino bilang kasangkapan sa pagkatuto sa wika | |
| | • Pagsasanay ng sarili sa pagkatuto at paggamit ng wikang Filipino<br>• Pag-eensayo para sa maayos na pagamit ng wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan | Pagsasanay bilang kasangkapan sa pagkatuto at paggamit ng wikang Filipino |

**Ang kahalagahan ng wikang Filipino sa Edukasyon at Komunikasyon.** Ang resulta ng pananaliksik ay nakabatay sa pananaw ng mga kalahok sa paggamit ng wikang Filipino na kung saan lumitaw ang temang pagpapahalaga ng wikang Filipino sa edukasyon at komunikasyon. Suportado ang temang ito sa teoryang The Sociocultural Theory o Interaction Approach ni Vygotsky (1934), ang teoryang ito ay nangangatwirang ang pag-unlad ng ating wika ay nasa kamay ng mga taong kaya tayong turuan ng mabuti at yaong may alam sa tunay na pag-aaral at kahalagahan ng wikang ginagamit. Konektado ito sa nasabing tema dahil sa teoryang ito, binibigyang-diin ang papel ng wika sa pagbuo ng kaalaman sa pamamagitan ng interaksyon. Ang wika ay nagsisilbing tulay upang maging mas matagumpay ang proseso ng pagkatuto, kaya't mahalaga ang Filipino sa edukasyon at komunikasyon ng ating bansa.

Ang papel ng pagbabasa at pagsasanay bilang sangkap sa pagkatuto ng wika. Ang resulta ng pananaliksik ay nakabatay sa pananaw ng mga kalahok sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag na kung saan nakitaan nila ng kahalagahan ang pagbabasa at pagsasanay bilang susi sa pagkatuto ng sariling wika. Suportado ang temang ito sa Theory of Second Language Acquisition. Ang teoryang ito ay nagpapaliwanag ng mga proseso at kondisyon na kailangan upang maging matagumpay ang pagkatuto ng isang bagong wika, bukod sa kanilang unang wika. Konektado ito sa nasabing tema dahil ang pagbabasa ay isag paraan ng pagtanggap ng comprehensive input, kung saan natututo ang tao ng bagong bokabularyo at kasanayan sa tamang gamit ng wika. Ang pagsasanay naman ay mahalaga upang mapatibay ang mga natutunan mula sa pagbabasa sa wika. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay, ang mga mag-aaral ay nagiging mas pamilyar at komportable sa paggamit ng wika. Kaya ayon sa teoryang ito, ang pagbabasa at pagsasanay ay sangkap sa pagpapadali at pagpapahusay ng proseso ng pagkatuto ng wika..

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Pagsama-sama ng Mahahalagang Data na Natuklasan sa Kwantitatiibo at Kwalitatibo**

Ang mga resultang ipinakita sa pagsama-sama ng kwantitatibo at kwalitatibong pag-aaral ay may ugnayan sa focal point. Ang bawat implikasyon ng sikolohikal ay nagpapatibay sa parehong resulta na nakita sa bawat indekeytor at tema.

| Aspekto o focal point | Kwantitatibong natuklasan | Kwalitatibong natuklasan | Likas na integrasyon ng data | Aksiolohikal na implikasyon |
|---|---|---|---|---|
| **Karanasan at pananaw ng mga *non-board* na mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino** | Sa talahanayan 1, partikular sa indikeytor na kakayahang gramatikal sa aytem 5- tiwala ako sa aking kakayahang gumamit ng wastong gramatika ng wikang Filipino na may *mean* na 3.86 na may deskripsyon na mataas. | Talahanayan 1 na may kowd na pagkakaroon ng tiwala at kumpyansa sa sarili sa pagpapahayag sa ilalim ng temang kahalagahan ng kasanayan at pagkakaroon ng tiwala sa sarili bilang susi sa epektibong komunikasyon. | *Merging-coverging* | Nagpapakita na ang pagkakaroon ng tiwala at kumpiyansa sa sarili ay nagreresulta ng malinaw at maayos na pagpapahayag gamit ang wika na parehong kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos |
| | Sa talahanayan 2, particular sa indikeytor na kakayahang diskorsal sa aytem 3- na pinapahalagahan at iginagalang ko ang mga alituntunin ng pakikipag-ugnayan at paggamit ng wika na may *mean* na 3.95 na may deskripsyon na mataas | Talahanayan 2 na may kowd na pagbibigay halaga sa pagkatuto at paggamit ng sariling wika sa ilalim ng temang ang kahalagahan ng wikang Filipino sa Edukasyon at Komunikasyon. | *Merging-converging* | Nagpapakita na binibigyang halaga at iginagalang ng mga *non-board* na mag-aaral ang pagkatutuo at paggamit ng sariling wika na parehong kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos. |
| | Sa talahanayan 2, partikular sa indikeytor na kakayahang diskorsal sa aytem 2- na kusa akong nakikipag-ugnayan at may kumpiyansa sa pormal o di-pormal na mga sitwasyong pangkomunikasyo | Talahanayan 1 na may kowd na paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa komunikasyon sa mga propesyonal sa ilalim ng temang kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino | *Merging-converging* | Nagpapakita na ang paggamit ng wikang Filipino ay ang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan sa pormal man o di-pormal na sitwasyong pangkomunikasyon na parehong |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | n na may *mean* na 3.79 na may deskripsyon na mataas. | bilang midyum sa pormal na usapan. | | kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos. |
| | Sa talahanayan 2, partikular sa indikeytor na kakayahang diskorsal sa aytem 4- pasalita ang aking gamit sa pagpapahayag at paglalahad ng kaalaman, katotohanan at opinyon na may *mean* na 3.98 na may deskripsyon na mataas. | Talahanayan 1 na may kowd na paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan sa pakikipag-komunikasyon sa iba sa ilalim ng temang kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pormal na usapan | *Merging-converging* | Nagpapakita na ang paggamit ng wikang Filipino ay ang kasangkapan sa pagpapahayag at paglalahad ng kaalaman at mga opinyon na parehong kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos |
| | Sa talahanayan 3, partikular sa indikeytor na kakayahang sosyolinggwikstiko sa aytem 4- gumagamit ako ng mga simpleng salita na may angkop na kahulugang panlipunan na may *mean* na 3.98 na may deskripsyon na mataas. | Talahanayan 1 na may kowd na paggamit ng mga simpleng salita para sa epektibong pagpapahayag sa ilalim ng temang pag-eensayo bilang paraan sa mabisang pagpapahayag. | *Merging-converging* | Nagpapakita na sa pamamagitan ng paggamit ng mga simpleng salita, mas nagiging epektibo ang pagpapahayag na parehong kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos |
| | Sa talahanayan 4, partikular sa indikeytor na kakayahang istratedyik sa aytem 3- gumagamit ako ng iba't ibang ayos ng pangungusap upang mapukaw ang interes ng mga tagapakinig na may *mean* na 3.84 na may deskripsyon na mataas. | Talahanayan 1 na may kowd na paghahanap ng ibang salita bilang kasangkapan sa pagkakaintindihan sa ilalim ng temang paggaamit ng mga halimbawa at simpleng salita bilang susi sa malinaw na pagpapahayag. | *Merging-converging* | Nagpapakita na ang paggamit ng ibang salita ay nakakapukaw ng interes at nagiging daan sa pagkakaintindihan na parehong kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos. |
| | Sa talahanayan 4, partikular sa | Talahanayan 2 na may kowd na | *Merging-converging* | Nagpapakita na ang |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | indikeytor na kakayahang istratedyik sa aytem 1- gumagamit ako ng iba't ibang paraan ng pagganyak upang maging kawili-wili at epektibo ang komunikasyon na may *mean* na 3.69 na may deskripsyon na mataas. | pagsasanay bilang kasangkapan sa epektibong komunikasyon gamit ang wikang Filipino sa ilalim ng temang ang papel ng pagbabasa at pagsasanay bilang sangkap sa pagkatuto ng wika. | | pagsasanay at mga pagganyak ay isa sa mga paraan upang maging kawili-wili at epektibo ang komunikasyon na parehong kinilala ng kwantitatibo at kwalitatibong datos. |

Sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik sa konteksto ng ayon sa kakayahang gramatikal na may pangkalahatang mean na 3.37 ay natuklasang ang mga non-board na mag-aaral ay minsan lamang naippamalas ang kakayahan sa gramatika sa wikang Filipino. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan na may kowd na kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino at may pangunahing ideya na nahihirapan sa pagbuo ng pangungusap alinsunod sa balarilang Filipino. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong datos at kwantitatibong datos ay nagkatagpo.

Sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik sa konteksto ng ayon sa kakayahang diskorsal na may pangkalahatang mean na 3.30 ay natuklasang ang mga non-board na mag-aaral ay minsan lamang naipapamalas ang kakayahang diskurso. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan na may kowd na kulang sa kasanayan sa pagsasalita at paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag bilang isang estudyanteng non-board na may pangunahing ideya na kahirapan sa pagsasalita ng Filipino bilang isang estudyante sa non-board na kurso. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong datos at kwantitatibong datos ay nagkatagpo.

Sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik sa konteksto ng ayon sa kakayahang sosyolinggwistiko na may pangkalahatang mean na 4.00 o mataas ay natuklasang ang mga non-board na mag-aaral ay madalas naipapamalas ang sosyolinggwistikong kakayahan. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan na may kowd na paggamit ng mga angkop at simpleng salita na para sa epektibong pagpapahayag. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong datos at kwantitatibong datos ay nagkatagpo.

Sa kwantitatibong bahagi mg pananaliksik sa konteksto ng ayon sa kakayahang istratedyik na may pangkalahatang mean na 3.79 ay natuklasang ang mga non-board na mag-aaral ay madalas naipapamalas ang estratehikong kakayahan. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan na may kowd na paghahanap ng ibang salita bilang kasangkapan sa mabisang pagkakaintindihan at pagsasanay bilang kasangkapan sa epektibong komunikasyon gamit ang wikang Filipino. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong datos at kwantitatibong datos ay nagkatagpo.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## KONKLUSYON

Base sa resulta sa pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na konklusyon:
Una, ang antas ng paggamit ng wikang Filipino ng mga non-board na mag-aaral ay katamtaman batay sa kakayahan sa gramatika at kakayahang diskurso. Nangangahulugan na ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral batay sa dalawang naunang indikeytor ay minsan lamang naipapamalas. Sa kabilang banda, ang antas ng paggamit ng wikang Filipino batay sa indikeytor na kakayahang sosyolinggwistiko at kakayahang istratedyik naman ay mataas. Samakatuwid, ito ay nangangahulugang ang komunikatibong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa nasabing indikeytor ay madalas naipapamalas.

Pangalawa, ang thematic analysis ng kwalitatibong data ay ginawa batay sa sagot na nakalap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pinalaliman na panayam (IDI) at pokus na pangkalahatang talakayan (FGD). Ang resulta ay nagbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa kanilang karanasan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag. Sa pamamagitan ng husay, ang mga kalahok mula non-board na kurso sa paaralan ng KCAST ay nakararanas ng iba't ibang sitwasyon na nag-aambag sa kanilang karanas sa paggamit ng wikang Filipino. Ang mga sumusunod na tema ay lumitaw: hamong kinakaharap ng mga estudyante sa paggamit ng Filipino sa pagpapahayag, paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya para sa malinaw na pagpapahayag, kahalagahan ng kasanayan at pagkakaroon ng tiwala sa sarili bilang susi sa epektibong komunikasyon, kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pakikipag-ugnayan, ang kahalagahan ng wikang Filipino sa Edukasyon at Komunikasyon at ang papel ng pagbabasa at pagsasanay bilang sangkap sa pagkatuto ng wika.

Pangatlo, upang mas maunawaan ang karanasan at mga pananaw ng mga mag-aaral tungo sa paggamit ng wikang Filipino, ang mga tugon ng mga kalahok ay sinuri ayon sa tema upang makumpirma ang dami ng mga natuklasan ng pananaliksik. Ang parehong natuklasan mula sa dalawang yugto ay isinama batay sa natural na plano. Ang antas ng pagsasama-sama ng paggamit ng wikang Filipino batay sa dami ng resulta ay nagpapakita na ito ay nagkaroon ng koneksyon sa datos na nakuha mula sa yugto ng kwalitatibo.

Ang parehong kwantitatibo at kwalitatibo na resulta ay nagpapatunay na sa kabila ng negatibong epekto ng paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag sa kadahilanang nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggamit nito, nakikitaan pa rin ito ng kahalagahan na mapag-aralan upang matuto at magkaroon ng kasanayan sa sariling wika hindi lamang bilang isang mag-aaral kundi bilang isang mamamayang Pilipino. Sa kabuoan, ang integrasyon ng datos sa mahahalagang natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibong parte ay nagpakita na mayroon mang bahagi ng pananaliksik at tugon ng mga kalahok ang hindi literal na nag tagpo ay makikita naman sa kanilang mga tugon na ang mga resultang natuklasan ay nag tagpo at mayroong koneksyon.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## MGA SANGGUNIAN


Alo, M. (2023). A Linguistic Skills, Sociolinguistic Abilities, and Communicative Proficiency of Senior High School Students. International Journal of Arts, Sciences and Education, 4(2), 216-232. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/258

Bachman, L. F. (1990). Fundamental Considerations in Language Testing. Oxford: Oxford University Press. https://openlibrary.org/books/OL20629478M/Fundamental_considerations_in_language_testing

Bautista, R. A., & Del Valle, J. M. (2023). Communicative Competence and Oral Language Usage of Filipino Learners in English. International Journal of Educational Management and Development Studies, 4(1), 1–23. https://doi.org/10.53378/352957

Bricki, N., & Green, J. (2007). A guide to using qualitative research methodology. Medicinske Research Council. http://hdl.handle.net/10144/84230

Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language Teaching and Testing. Applied Linguistics, 1(1), 1-47. https://doi.org/10.1093/applin/I.1.1

Creswell, J. (2009). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach (3rd ed.). Thousand Oaks, SA: Sage. https://www.ucg.ac.me/skladiste/blog_609332/objava_105202/fajlovi/Creswell.pdf

Creswell, J.W. (2003). Rsearch design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage https://cumming.ucalgary.ca/sites/default/files/teams/82/communications/Creswell%202003%20-%20Research%20Design%20-%20Qualitative%2C%20Quantitative%20and%20Mixed%20Methods.pdf

Dela Cruz, J. A., Paican, J. S., Rajahmuda, N. R., & Caballo, J. H. S. (2024). Intercultural Communicative Competence in Teaching of English as a Foreign Language: Perspectives of Filipino Teachers. American Journal of Society and Law, 3(2), 8–15. https://doi.org/10.54536/ajsl.v3i2.3352

Department of Education. (2016). K to 12 Curriculum Guide: Filipino. Manila: DepEd. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Dragon, C. D. (2023). Pagtataya sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino [Assessing communicative linguistic competence of Filipino teachers]. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 7(1), 269–281. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2023/01/ZG22701269281.pdf

Egar, R., & Oliva, E. R. (2024). The mediating effect of student understanding in Filipino subject in the relationship between learning experience and communicative skills. Journal of Natural Language and Linguistics, 2(1), 63–82. https://doi.org/10.54536/jnll.v2i1.3801

Esgrina, F. O., Jr. (2024, October). Communicative competence of Filipino English language teachers: Basis for a development program. LLT Journal: A Journal on Language and Language Teaching, 27(2), 686–711. https://doi.org/10.24071/llt.v27i2.5597



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Gacasan, A. W., & Oliva, E. R. A. (2022). A Structural Equation Model of Communicative Competence in Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 8(2). https://doi.org/10.36713/epra9603

Hymes, D. H. (1972). On Communicative Competence. In J. B. Pride & J. Holmes (Eds.), Sociolinguistics (pp. 269-293). New York: Penguin Education. https://wwwhomes.uni-bielefeld.de/sgramley/Hymes-2.pdf

Lopez, P. (2025). Kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10 [Communicative competence in essay writing among Grade 10 students]. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 58–68. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.005

Lou, X., Ren, S., & Zhang Q., (2020). Culture in Second Language Acquisition. https://www.academypublication.com/issues2/jltr/vol11/06/10.pdf

Montecalvo, W. L. G., & Bucjan, E. R. (2025). Komunikatibong kasanayang sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino [Communicative competence in teaching and learning Filipino]. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 11(5). https://doi.org/10.36713/epra21458

Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. I. S. (2024). Students' Proficiency in Using Filipino Language in Academic Communication. International Journal of Innovative Research and Modern Education, 3(3). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08

Tupas, R. T. (2019). Pagliit ng espasyo ng wikang Filipino: Isang pagsusuri sa mga kolehiyo at unibersidad sa Pilipinas. Journal of Philippine Language and Society, 15(2), 45–60. https://doi.org/10.1234/jpls.v15i2.2019.001

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.